## Pagprotekta sa Iyong Anak sa Pamamagitan ng Pagpapala sa Kanya

Sabihin nang madalas sa inyong anak ang mga salitang nagpapatotoo, pagpapala at pamumuhay. Sabihin ninyo sa kaniya na ipinagmamalaki mo ang kaniyang paglagong espiritwal at pisikal. Ituro mo sa kaniya ang kaniyang pagkakakilanlan kay Kristo at ang kaniyang kahalagahan sa mata ng Diyos. Huwag ninyo itong ikahiya. Laging himukin ang iyong anak sa pagsasabi ng nakikita mong paglago ng talento at kaloob ng Diyos na ibinigay sa kaniya. Bilang magulang, marami kang masasabi upang itama ang mali. Madalas mo siyang sinasabihan sa kaniyang asal at sinasabihan kung ano ang tamang asal. Sadayain ang pagbibigyan ng positibong feedback. Manalangin ng pagpapala para sa kaniya. Sabihin sa kaniya kung ano ang nakita mong ginagawa ng Diyos sa buhay niya.

**'Buhay at kamatayan ay nasa kapangyarihan ng dila." Kawikaan 18:21a.** May kapangyarihan ka na pagpalain o isumpa ang iyong anak sa pamamagitan ng mga pananalita. Pag pinipintasan mo ang iyong anak o sinasabihan na bobo siya o walang silbi, sinusugatan mo siya at ang mga sugat na iyon ang makakaapekto sa kaniya hanggang sa araw ng kaniyang kamatayan. Mag-ingat sa mga sasabihin dahil maaari mong masabi ang nakakapagbigay buhay o kamatayan sa kaluluwa ng iyong anak. Siyempre, nagkakamali ka rin. Ihingi mo ng tawad ang nagawa mong kasalanan sa iyong anak at hingin ang kaniyang pagpapatawad. Pagkatapos, tumuon sa pagiging makatotohanan at puro pagbibigay buhay ang sambitin. "**Ang salitang walang taros ay sumusugat ng damdamin, ngunit ang magandang salita, sakit ng loob ay gumagaling." Kawikaan 12:18.**

## Espiritwal na Pakikipaglaban

**"Maging handa kayo at magbantay. Ang diyablo, ang kaaway ninyo, ay parang leong umuungal at aali-aligid na naghahanap ng malalapa." 1 Pedro 5:8.**

- Palagiang ipanalagin ang inyong anak at hingin ang pag-iingat ng Diyos. Turuang manalangin ang inyong anak. Magkasamang sambahin ang Diyos.
- Basahin ang inyong Biblia 30 minuto araw-araw at ipanalangin ang inyong pamilya. Hindi sapat ang pagbabasa ng debosyonal sa paghahanda sa pakikipaglaban. Kailangan mong basahin at pag-aralan ang salita ng Diyos. Turuan mo ang inyong anak kung paano basahin ng Biblia.
- Huwag ninyong hayaang makapasok ang masamang espiritu sa inyong tahanan o puntiryahin ng masamang espiritu ang iyong pamilya. Magpasakop sa Diyos at labanan ang masamang espiritu. Sa pangalan ni Jesu-Kristo, itaboy mo sila.

**"Ang mga utos niya'y itanim ninyo sa inyong puso. Ituro ninyo ito sa inyong mga anak; pag-aralan ninyo ito sa inyong tahanan, sa inyong paglalakbay, sa inyong pagtulog sa gabi, at sa inyong pagbangon sa umaga." Deuteronomio 6:6-7.**

By Tim Swanson www.SwansonMission.com Tagalog Bible verses from Magandang Balita Biblia © 2012 Philippine Bible Society, used with permission.

## Ang Proteksiyonan ang Iyong Anak

Ang proteksiyonan ang iyong anak ang iyong pinakamahalagang responsibilidad.
Narito ang ilang dahilan kaya may ilang mga bata ang nasasaktan.

## Protektahan ang Ayong Anak sa Pang-aabusong Seksuwal

Maaaring seksuwal na maabuso ang bata ng kapwa bata sa kapitbahay, ng mas nakakatandang bata, ng kamag-anak, o kapitbahay. Paano mo mapoprotektahan ang iyong anak sa seksuwal na pang-aabuso? Narito ang ilang pamamaraan:

- Kausapin mo ang iyong anak tungkol sa maseselang bahagi ng kaniyang katawan na hindi dapat mahawakan ng iba.
- Turuan ang iyong anak na magkaroon ng tiwala sa sarili. Magsanay kung paano sumigaw ng malakas at tumakbo papalayo.
- Ang iba ay hinahawakan ang maselang bahagi ng kabataan bilang bahagi ng pagbibiro. Hindi ito magandang biro. Sabihin sa iyong anak na sabihin sa iyo kapag ito ay nangyari sa kaniya. Agad na kausapin ang gumawa nito sa iyong anak at sabihin na hindi ito magandang biro. Ito ay isang klase ng seksuwal na pang-aabuso.
- Huwag hayaang hawakan ninuman ang puwet o maselang bahagi ng katawan ng inyong anak. Kung sakaling mangyari ito, pag-usapan agad ang pangyayaring ito. Kausapin mo ang iyong anak at sabihin na nalulungkot ka sa nangyari at ito ay mali. Gumawa ng hakbang upang ito ay matigil. Huwag matakot na sabihan ang isang tao na hindi kanais-nais na hawakan niya ang iyong anak sa maselang bahagi ng katawan. Kung ito ay bata, kausapin ang kaniyang magulang upang matigil ito. Huwag hayaang makasama ng iyong anak ang taong iyon ng walang bantay. Palagiang isumbong sa pulis ang panggagahasa at pang-aabusong seksuwal. Huwag kang matakot.
- Laging alamin kung nasaan ang iyong anak. Kung siya at pansamantalang naglalaro sa labas, tanungin kung saan siya galing at kung sino ang kasama niya. Tanungin kung may kakaibang nangyari ngayon. Bantayan ang kakaibang pagkilos ng iyong anak, tulad ng pagkatakot, mukhang may itinatagong kasalanan, pagkahiya, o pag-ihi sa kaniyang salawal.
- Huwag mong hayaang matulog ang iyong anak kasama ng taong hindi mo pinagkakatiwalaan ng lubos o 100% pinagkakatiwalaan.
- Mag-ingat sa pagpayag na pumunta ang inyong anak sa ibang bahay o kapitbahay.
- Maraming bata ang nakakakita ng mga hubad na larawan (pornograpiya) sa bahay ng kanilang kaibigan. Kausapin ang iyong anak na iwasang tumingin sa mga hubad na larawan. Kung makakita sila nito, agad silang umalis sa lugar na iyon at ipaalam sa iyo.
- Maging mapagmatyag sa mga matatanda at kabataan na inihahanda ang iyong anak upang abusuhin sa hinaharap. Nagsisimula ito sa pagbibigay ng espesyal na atensiyon sa iyong anak. Ang pagyakap at paghawak ay unti-unting nagiging seksuwal. Huwag payagan na mahaplos sa likod ang inyong anak ng nakakatandang kabataan o ng nakakatanda na hindi nila mga magulang. Bantayan ang mga taong nagbibigay ng hindi pangkaraniwang espesyan na atensiyon sa iyong anak.

## Protektahan ang Ayong Anak sa Demonyo

May mga paraan na maaari mong maanyayahan ang demonyo na atakihin ang iyong anak. Mag-ingat upang maiwasan mo ang mga sitwasyong ito.

1. Mga nakakatakot na pelikula ang mga palabas na tungkol sa mga mangkukulam, demonyo, o gayuma. Kailangan mong pigilan ang iyong anak na manood ng mga palabas na ito. Kung kayo ay nasa restaurant, takpan ang mata ng iyong anak at tainga, at sabihin sa tagapamahala na patayin ang TV.
2. Pornograpiya: Mag-ingat kung ano ang tinitingnan ng iyok anak sa internet, Youtube, o sa telepono ng kaibigan ng iyong anak. Kausapin siya kung may nakita siya sa telepono ng kaniyang kaibigan. Maging bukas sa pakikipag-usap sa kaniya tungkol sa hindi pagtingin sa mga malalaswang larawan.
3. Pagmemeditate at Albularyo: Huwag mong dalhin ang iyong anak sa albularyo o payagan ang iyong anak gawin ang espiritwal na pagmemeditate o yoga. Inaanyayahan mo ang espiritu na pumasok sa iyong anak pag dinala mo siya sa albularyo. Maaaring sabihin ng albularyo na kinakausap niya si Jesu-Kristo o ang Panginoon. Ibang Jesu-Kristo o ibang Panginoon ang kausap nila.
4. Pagpapalitan ng Pangalan: Sa ibang kultura, pangkaraniwan na ang pagbebenta ng pangalan sa kapitbahay ng iyaking anak at papalitan nito ang kaniyang pangalan. Ang ganitong paniniwala ay nahihinto ang pagiging iyakin ng bata at nangyari ito sa karamihan. Ito ay isang makademonyong gawi. Huwag ninyo iyong gawin. Kung ginawa ninyo ito, pagsisihan ito at itakwil ang ganitong gawain. At, bigyan ang iyong anak ng kaniyang sariling pangalan. Huwag ninyo siyang tawagin sa pangalan ng batang namatay na. Mayroon siyang sariling pagkakakilanlan at hindi siya dapat mamuhay sa pagkakakilanlan ng batang namayapa na.
5. Pang-aabusong Seksuwal: Gawing pangunahing prioridad na alamin kung nasaan ang iyong anak at kung ano ang kaniyang gunagawa. Maging bukas sa pakikipag-usap sa iyong anak, para malaman mo kung mayroong nangyari o ginawang masama sa kaniya.
6. Ang Iyong Nagrerebeldeng Kasalanan: Maaaring maging kalarawan mo ang iyong anak. Nais mo bang maging puntirya ng espiritu ng galit, pagkahayok sa laman, o pagpapakamatay ang iyong anak? Siyempre hindi! Humingi ka ng tulong para sa iyong sarili. Huwag mong ipasa ang kasalanan mo sa iyong anak.
7. Anting-anting at mga Pampasuwerte: Huwag gumamit ng pampasuwerte, dream cathers, o anting-anting. Sirain ang lahat ng mga rebulto at masasamang bagay na yari ng tao. Sa Diyos lang magtiwala.
8. Pangrelihiyosong Kapistahan: Relihiyosong pista na may kasamang inuman, sugal, at pagsamba sa ibang diyos ay hindi nakakabuti sa esiritu ng iyong anak. Huwag ninyo siyang papuntahin doon.
9. Mga mararahas o bayolenteng video games o kung saan tinutulungan ng espiritu ang manlalaro.

**"Suriin ninyo ang lahat ng bagay at panghawakan ang mabuti. Lumayo kayo sa lahat ng uri ng kasamaan." 1 Tesalonica 5:21-22.**

## Pagprotekta sa Sekswal na Pagkakakilanlan ng Iyong Anak

Mabubuo o masisira mo ang seksuwal na pagkakakilanlan ng iyong anak. Maaaring komplikado o masalimuot pangalagaan ang seksuwal na pagkakakilanlan ng iyong anak, ngunit may ilang mga punto na puwede mong isaalang-alang.

- Ituro sa iyong anak ang kaniyang pagkakakilanlan bilang anak ng Diyos. Ang seksuwal na pagkakakilanlan ng tao ay nakatali sa kaniyang pagkaunawa sa kaniyang layunin at sa kaniyang pagkakakilanlan bilang anak ng Diyos.
- Maging laging naroon sa buhay ng iyong anak. Ang ibig sabihin nito ay kailangan mong maglaan ng oras sa kaniya sa pang-araw-araw. Huwag mo siyang iwan para magtrabaho sa ibang bayan. Habang nakatira ka sa ibang lugay, huwag mo siyang hayaang tumira sa kaniyang tiya o lola,. Kailangang magkakasamang nakatira ang anak at magulang sa iisang tahanan, at maglaan ng oras para sa kaniya araw-araw.
- Pag-usapan ninyo ng iyong anak ang buhay, lalo ninyong pagtibayin ang kanyang seksuwalidad. Huwag ninyo siyang tawagin sa pangalang malalait siya. Kung may anak kang babae, huwag ninyo siyang tawaging tomboy. Kung may anak kang lalaki huwag ninyo siyang tawaging bakla. Ipahayag ang kaniyang katangian bilang lalaki, ipahayag ang kaniyang katangian bilang babae. Bihisan ang iyong anak na lalaki ng damit na panlalaki, at ang anak na babae ng damit na pambabae, kahit na sanggol pa lang sila. Halimbawa, gusto mo ng anak na babae, pero anak na lalaki ang ibinigay sa iyo ng Diyos, mahalin mo ang iyong anak na lalaki bilang lalaki. Makuntento kung ano ang pinili ng Diyos.
- Gawin mo ang iyong trabaho bilang magulang! Maging laging naroon sa iyong anak at bigyan siya ng pagmamahal, Kailangang parehong magbigay ang nanay at tatay ng panahon, atensiyon, at pagmamahal sa inyong anak. Huwag ninyong iwan ang inyong anak dahil sa trabaho o magkaroon sa iba ng bagong pamilya.
- Ingatan siya mula sa pang-aabusong seksuwal at pornograpiya.
- Paminsan-minsan, pinagkakaisahan ng pamilya ang anak na mahina ang kaniyang seksuwalidad na pagkakakilanlan. Binubully nila ang batang iyon, pisikal na inaabuso, at nilalait nila ito. Ang trabaho mo ay siguraduhin na hinding-hindi ito mangyayari sa iyong anak.
- Pambubully: Maaaring pisikal o emosyonal na mabully ang iyong anak. Kausapin ang iyong anak upang malaman kung ito ay nangyayari sa kaniya. Pigilan ninyo itong mangyari sa kaniya. Kausapin ang nakakatandang kasama sa pangyayaring ito. Kung ito ay magpatuloy, alisin ang iyong anak sa lugar kung saan ito nangyayari.

Mayroon kang kakayahang hubugin ang seksuwal na pagkakakilanlan ng iyong anak patungo sa taong nagpupuri sa Diyos na namumuhay sa plano ng Diyos sa kaniya.

**"Sinabi sa akin ni Yahweh, 'Bago ka pa ipinaglihi at ipanganak ay pinili na kita upang maging propeta para sa lahat ng bansa.'" Jeremias 1:4-5.**